PAGPAPABERDE SA SCARBOROUGH

Isyu Blg. 2 – Oktubre 2003

Scarborough: tunay ka ngang magandang berde!

Malaki ang sinasabi ng pagkilos ng tao tungkol sa kanilang iniisip.

Hulaan ninyo kung anong ginagawa ng mga taga-Scarborough. Mahigit 90 porsyento sa inyo ay nagpupuno ng inyong mga berdeng sisidlan at nagdadala nito sa gilid ng bangketa para sa lingguhang pangongolekta ng laman nito. Isang napakagaling at nakapagpapasiglang tugon!

Maliwanag sa isip ng mga taga-Scarborough na ang Programa ng Berdeng Sisidlan ay mahalaga at nararapat lamang pagpursigihan. Maraming salamat sa inyo sa masiglang pagyakap sa inisyatibang ito, at sa pagpapakita ng inyong pagmamalasakit sa inyong komunidad at kapaligiran.

Makatitiyak at dapat lamang ninyong ikatuwa na sa tuwinang ihihiwalay ninyo ang mga organikong materyal tulad ng mga tira o dumi ng pagkain at marumi o bulok na balutan ng pagkain [tingnan ang "Ano ang dapat ilagay (at di dapat ilagay) sa inyong berdeng sisidlan" sa pahina 5 para sa detalye], inyong binabawasan ang laki ng materyal na dinadala ng mga pamilya sa tambakan o *landfill*.

Pansinin lang ang mga bilang na ito!

- Kilo ng organikong duming laman ng berdeng sisidlan na lingguhang itinatapon ng bawat pamilya: 4
- Batay sa kasalukuyang koleksyon, tinatantyang tonelada ng organikong materyal na naiiwasang dalhin taun-taon sa *landfill* sa Michigan: 23,000
- Tinatayang bilang ng mga trak na di na pupunta sa *landfill* sa Michigan kada taon, salamat sa pagsusumikap ng Scarborough: 670

Ating iwasan ang tambakan o *landfill*

Ngayon, ang berdeng sisidlang panlabas at ang mas maliit na kulay-katsang sisidlang pangkusina, na inihatid ng pamahalaang-lungsod ng Toronto sa inyong pintuan nitong nakaraang tagsibol, ay pamilyar na sa inyo tulad ng inyong asul at abuhing mga sisidlan.

Kasama na ngayon ang inyong berde at kulay-katsang mga sisidlan sa pamilya ng mga sisidlang pang-*recycle* bilang isa pang hakbang sa plano ng pamahalaang-lungsod ng Toronto na alisin ang *landfill* pagdating ng taong 2010.

Ang tambakan ng lungsod sa Keele Valley ay sinarhan noong 2002, at sa kasalukuya'y dinadala ng Toronto lahat ng basura nito sa Michigan, U.S. Sa kabila ng mahigpit na mga patakaran para sa operasyon ng mga tambakan, ang totoo'y walang saysay ang paggamit ng anumang bahagi ng ating mundo bilang tambakan ng basura.

Ang di nauunawaan ng maraming tao ay ang ganap na 30% ng basura na pumupunta sa tambakan ay organikong materyal. "Inilalayo" ng Programa ng Berdeng Sisidlan ang materyal mula sa tambakan at sa halip ay ginagawa itong pataba sa lupa, bagay na mas may pakinabang.

Sa pamamagitan ng programa naipapakita natin na, bilang mga sibilisadong tao, alam nating maglinis ng kani-kanya nating kalat.

PAANONG TUMATAKBO ANG PROGRAMA NG BERDENG SISIDLAN

1. Maaari ninyong lagyan ng bag na plastik (pwede na rito ang bag na pang-*grocery*), ang loob at paligid ng inyong panloob na sisidlan sa kusina o ang inyong berdeng sisidlan. Di kailangang gawin ito sa dalawang sisidlan.
2. Huwag ninyong haluan ng iba pang plastik na bagay tulad halimbawa ng plastik na mga bag, bag ng tinapay, pambalot na plastik. (Bumabara ang mga ito sa sistemang pamproseso ng mga organikong materyal.)
3. Ilipat ang laman ng inyong panloob na sisidlang pangkusina (kasama ang mga plastik na bag) sa inyong panlabas na berdeng sisidlan. (Itali nang maluwag ang inyong mga bag upang madaling maalis ito ng plantang pamproseso ng pamahalaang-lungsod.)
4. Ilagay ang inyong berdeng sisidlan sa tabi ng bangketa nang ika-7 ng umaga sa araw ng koleksyon sa inyong lugar (mangyaring tingnan ang inyong kalendaryo para malaman kung ano ang dapat ilabas at kailan* – o tingnan ang www.toronto.ca/garbage).
5. Sarhan ang inyong sisidlan bago ilabas, at tiyaking ang plastik bag na ginamit sa paligid at loob nito ay pasok na pasok sa sisidlan (kung hindi ay magagamit ito ng mga hayop para itumba ang sisidlan).
6. Huwag paapawin ang inyong berdeng sisidlan. Ang isang sisidlan o bag na may timbang nang mahigit sa 20 kilo (44 lbs.) ay hindi kukunin. Ilagay ang sobrang materyal ng inyong berdeng sisidlan sa isang *see-through* plastik na bag sa tabi ng inyong sisidlan o di kaya'y bumili ng ikalawang sisidlan na may halagang $15 (tingnan ang "Saan makakabili ng bagong sisidlan," pahina 4).
7. Ang materyal mula sa inyong berdeng sisidlan ay kokolektahin sa tabi ng lansangan at ilalagay sa isa sa dalawang kompartamento ng trak na nangongolekta nito. Ito'y dinadala sa *Dufferin Organics Processing Facility*.
8. Iniinspeksyon ng mga nagpapatakbo nito ang mga organikong materyal at inaalis ang malalaking di kanais-nais na mga bagay. Isang prosesong biyolohikal na tinatawag na *anaerobic digestion*** ang muling nagbubuo sa materyal para maging solido ito, at ginagamit bilang malinis na pataba sa lupa.
9. Maaari ninyong hugasan ang dalawang sisidlan sa sabon at tubig. Huwag ninyong ilalagay ang inyong panloob na sisidlan sa *dishwasher*.

** Hindi magpapadala ng trak ang pamahalaang-lungsod para mangolekta ng materyal kundi sa tamang araw lamang na nakatakda.*
*** Ang anaerobic digestion ay isang prosesong biyolohikal na lumulusaw o naghihiwalay ng mga organikong materyal nang walang oxygen, at lumilikha ng muling magagamit ng enerhiya sa anyo ng mga bio gas tulad ng methane at carbon dioxide.*

Huwag kayong malito sa ilusyong ito!

Nakakabalita kami mula sa mga residente na nag-aakalang ang kanilang organikong basura na nasa berdeng sisidlan ay itinatapon din sa lugar na pinagtatapunan ng regular na basura. Huwag kayong mag-alala! Ang maaaring hindi ninyo nakikita mula sa inyong bintana o bakuran ay ang pagkakaroon ng dalawang kompartamento ng mga trak ng mga kolektor ng basura. Ang bawat kompartamento ay kakaiba mula sa isa pa. Ang materyal mula sa berdeng sisidlan ay pumupunta sa isa, at ang basura naman o *recyclable* ay pumupunta sa iba.

Tinanong ninyo kami …

Narito ang tampok na mga tanong ng mga residente nang tawagan nila ang *Customer Service* sa 416-338-2010.

Papasukin ba ng mga hayop (raccoons) ang berdeng sisidlan?
Matibay ang mga sisidlan at ginawa para di magalaw ng mga hayop. Maaari kayong gumawa ng dagdag na hakbang para di maakit ang mga hayop:

1. Alalahaning sarhan nang ganap at mahigpit ang inyong sisidlang berde bago ito ilabas.
2. Kung kayo'y gumagamit ng bag (hindi obligado ito) para sapnan ang loob at gilid ng inyong berdeng sisidlan, luwagan lamang ang pagtali nito (huwag gamitan ng *twist ties*) at tiyaking pasok nang ganap ito sa sisidlan kung ilalabas na ninyo ito ng bahay; kung hindi ay maaaring hatakin ng mga hayop ang gilid para itumba ang sisidlan.
3. Kung inyong ilalagay ang berdeng sisidlan sa likuran ng inyong bahay, lagyan ninyo ng maikling *bungee cord* sa magkabilang hawakan nito upang mahigpit na matakpan ito. Pakialis ang *bungee cord* bago ilagay ang sisidlan sa gilid ng bangketa. (Hindi uubra ang mahabang *bungee cord*.)
4. Kung maaari, ilabas ang inyong sisidlan sa umaga ng koleksyon kaysa sa gabi bago magkoleksyon.

Dapat ba akong gumamit ng plastik na bag para sa gilid at loob ng aking berdeng sisidlan at sisidlan sa kusina?
Oo, pero hindi kailangang lagyan ang dalawang sisidlan. Maaari ninyong lagyan ang inyong berdeng sisidlan o panloob na sisidlan sa kusina ng plastik bag (kahit anong bag na magkakasya dito ay maaaring gamitin; di na kailangan ng ispesyal pang bag, sapat na ang mga gamit na *grocery bag*). **Huwag basta-bastang ilagay ang mga organikong basura sa berdeng sisidlan.** Ang mga plastik sa gilid at loob nito ay nakakabawas ng masamang amoy, nakakaiwas sa aksidental na pagtapon nitong basura kung kinukuha na, at napipigilan ang pagyeyelo ng mga organikong materyal sa loob ng sisidlan sa panahon ng taglamig. Naaalis ng pamahalaang-lungsod ang mga bag na plastik na ginagamit ninyo sa paligid at loob ng sisidlan. Iwasan ang paglagay ng anupamang ibang plastik sa inyong berdeng sisidlan. Itali nang maluwag ang inyong mga bag o buhulin lang upang madaling kalasin ito at alisin ito.

Anong gagawin ko kung punung-puno o masyadong mabigat ang sisidlan sa araw ng koleksyon nito?
Ang isang lalagyan o bag na may timbang nang higit 20 kilo (44 lbs) ay di kukunin, kung kayat gumamit ng *see-through* bag na plastik para sa umaapaw na materyal (isang malaking bag lang po hanggat maaari – hindi maraming maliliit na bag). Inirerekomenda naming gamitin ninyo ang

bag para sa mga bagay na hindi pagkain (halibawa: mga gamit na lampin ng sanggol, dumi ng hayop, atbp.) dahil sa hindi sila nakakaakit ng mga hayop. Maaari din kayong bumili ng bagong berdeng sisidlan sa halagang $15 at panloob na sisidlang pangkusina sa halagang $4.

Saan makakabili ng bagong mga sisidlan
Scarborough Transfer Station
1 Transfer Place (pa-hilaga o *north* sa Markham Road, kaliwa sa Nugget Avenue)
Martes hanggang Biyernes: 6:00 n.u. hanggang 5:30 n.h.
Saturday: 6:30 n.u. to 12:30 n.t.

Anong aking gagawin kung masira ang berdeng sisidlan?
Sinubukan nang mabuti ng gumawa nito ang mga sisidlan at ginarantiyahang tatagal nang limang taon. Dagdag pang pagsubok ang ginawa ng pamahalaang-lungsod ng Toronto kasama na ang pagsubok ng pagbagsak nito, kalahok ang mga kolektor at ergonomista upang pag-aralan/suriin ang mga sisidlan. Kung mabiyak o masira ito, dalhin ninyo sa Scarborough Transfer Station (tingnan "Saan makakabili ng bagong sisidlan" sa itaas) o tumawag sa Customer Service sa 416-338-2010 para sa dagdag pang impormasyon. (Hinihikayat namin ang mga residente na isulat ang kanilang tirahan sa kanilang berdeng sisidlan, gamit ang permanenteng itim na *marker*.)

Marami pa kayong makikitang tanong at sagot sa www.toronto.ca/greenbin – hanapin ang "Frequently Asked Questions."

Magandang balita! Ang inyong asul at abuhing mga sisidlan ay kabahagi na natin ngayon

Dati'y dinadala ng pamahalaang-lungsod ang inyong abuhing sisidlan sa isang lugar, at ang inyong asul na sisidlan sa iba namang lugar. Pinasimple na ng bagong teknolohiya ang ganitong proseso. Simula ng Agosto, dadalhin sa isang lugar na lamang ang laman ng asul at abuhing sisidlan: isang bagong lugar na may kakayanang maghiwalay at magproseso ng kapwang tipo ng materyal.

Sa saklaw ng lungsod, mababawasan nito ang bilang ng trak na kailangan para mangolekta ng mga *recyclable*, bagay na makakatulong sa pagtitipid ng gastos sa pangongolekta, at makakabawas sa trapik at polusyon. Ipinapaliwanag din ng bagong sistema kung bakit inilalagay ng mga kolektor ng basura ang laman ng inyong magkakaibang sisidlan sa iisang kompartamento lamang ng trak ng basura.

May kailangan bang gawing naiiba ang mga maybahay? Wala naman talaga. Maaari ninyong patuloy na gamitin ang inyong mga kahon tulad ng dati – o maaari ninyong pagsamahin sa isang kahon ang materyales mula sa inyong asul at abuhing sisidlan. Bonus: kung di gaano ang inyong mga *recyclable* sa araw ng koleksyon nito, isang sisidlan lang ang kailangan ninyong dalhin (anumang kulay – kayo ang pumili) sa gilid ng bangketa.

Kailangan pa ba namin ng kapwa asul at abuhing sisidlan? Malamang na hindi. Maaaring umunlad tayo sa isang sistemang isang-sisidlanna lamang habang naluluma ang mga kahon at kinakailangan nang palitan. Mag-abang para sa dagdag pang impormasyon.

Ano ang dapat ilagay (at di dapat ilagay) sa berdeng sisidlan

Sa berdeng sisidlan …
Mga tirá o basurang mula sa prutas at gulay
Mga buto ng karne, tinik ng isda, at iba pang tirá o dumí mula sa mga ito
Mga labí o kalat mula sa *pasta*, tinapay at *cereal*
Kalat o dumí mula sa mga produkto ng gatas; balat ng itlog
Kalat mula sa kape na giniling, *filter*, at mga *bag* ng tsaa
Mga gamít na *paper towel* at *tissue*
Mga gamít na pambalot o pinaglagyan ng pagkain – kahon ng ice cream, supot ng asukal at harina
Mga ginamit na papel na inuman o plato
Dumí o tirá na *cake, cookies* at kendi
Tira o dumi mula sa mga *baking ingredient, spices at herbs* at iba pang panluto
Dumí mula sa mga tanim/paso na pambahay, kasama na ang lupa
Mga gamít na lampin, at itinapon na mga produktong pantiyak sa kalinisan o kalusugan tulad ng *toilet paper*, pasador para sa mga babae, atbp.
Dumí at kalat ng mga hayop (hal., mula sa mga hawla ng ibon, hamster, atbp.)
Pagkain ng hayop
Sa pamamagitan ng Programa ng Berdeng Sisidlan, ginagawang pataba ng lupa ang organikong materyal. Isang prosesong anaerobic biological *ang lumulusaw o naghihiwalay sa mga materyal nang walang oxygen. Kung kayat kayang tanggapin ng programa ang mga organikong materyal na, sa inyong tirahan, ay di ninyo gagawing pataba ng lupa.*

Mangyari pong huwag isasama ang sumusunod na bagay … (Hindi sila nalulusaw kung kayat di sila maaaring gawing compost)
Mga plastik na balutan, bag at lalagyan ng sandwich
Plastik na lalagyan ng pagkain (hal., basyo ng yogurt o margarine), plastik na kubyertos
Plastik na bag ng gatas
Styrofoam, meat tray liners
Palara
Wax paper
Artipisyal na mga bulaklak
Leather (balat), tela, damit
Mga *rug, carpet*
Sigarilyo at tabako
Tapon (mula sa bote ng alak, atbp.)
Gum
Mga panlinis ng tainga, bulak, pantanggal ng *make-up*
Baby wipes
Mga panlampaso ng sahig *o disposable mop sheets*
Dryer lint, dryer sheets
Vacuum bags at laman nito
Mga balahibo
Buhok ng alagang hayop
Abo mula sa *fireplace* o BBQ
Mga pinagtabasan ng kahoy

Huwag kalimutan: pagkatapos ng Halloween, maaari ninyong ilagay ang inyong pumpkin sa loob, sa ibabaw o sa tabi ng inyong berdeng sisidlan para sa koleksyon nito.

MGA TANONG? KAILANGAN PO BA NG DAGDAG NA IMPORMASYON?

Kung kayo'y may mga tanong tungkol sa Programa ng Berdeng Sisidlan, mangyaring tumawag lamang sa *Customer Service* sa 416-338-2010 o tingnan ang aming *web site* sa www.toronto.ca/greenbin.